DEPARTMENT OF TRADE & INDUSTRY PHILIPPINES

NEGOSYO CENTER

# Know the DTI's 7 Ms

Way of Uplifting Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs)

- **M1** MINDSET CHANGE
- **M2** MASTERY
- **M3** MENTORING
- **M4** MARKET ACCESS
- **M5** MACHINES
- **M6** MONEY
- **M7** MODELS OF NEGOSYO



For more details, please contact:

DTI Direct Call Center
Monday to Sunday - 8am to 5pm (except holidays)
Tel. Nos. (+632) 751-3330
Mobile: (+63917) 834.3330
Email: ask@dti.gov.ph

or visit the nearest
DTI Offices and Negosyo Centers



Time for an Entrepreneurial Revolution:

# Know the DTI's 7Ms Way of Uplifting Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs)

As part of President Rodrigo Roa Duterte's administration's goal of ensuring inclusive growth and addressing income inequality, there is a need to empower those at the bottom of the pyramid and marginalized sectors with the right mindset and know-how to be able to move up in life. We'll "teach them how to fish" and not just give them fish, as the saying goes. We'll need to empower them so they can also share in the benefits of the ongoing economic growth, and improve the quality of their lives by engaging in vibrant entrepreneurial activities. To achieve this goal, the Department of Trade and Industry (DTI) endeavors to provide enabling programs to help you rollout a business.

DTI has come up with the 7Ms to help you set up your own business and be a smarter entrepreneur to earn more! These can equip you in making a difference in the market, while contributing to the larger cause of sustaining the Filipino entrepreneurial revolution!

## Mindset Change

We can help you embrace the right and positive entrepreneurial attitude that will carry you through your vibrant entrepreneurial journey. With DTI's Negosyo Center seminars, the SME Roving Academy (SMERA) and the Kapatid Mentor ME program, we infuse an entrepreneurial mindset that is success- and innovation-driven, collaborative, and proactive.

## Mastery

At our Negosyo Centers, we teach you to master the know-how & how-tos of entrepreneurship, from what you need to set up a business, basic rules of spotting market opportunities, finding your product positioning and differentiation, product development, market development, basic business finance and plan preparation, as well as developing a system for continuous innovation.

## Mentoring

We provide you with continuous business guidance in partnership with the private sector members like Go Negosyo, PCCI, PFA, AFFI, and FFCCCII, thanks to programs like Kapatid Mentor ME. Experience coaching and mentoring of industry experts and large corporations on different aspects of business operations for free!

## Money

We give you access to funding through DTI's P3 microfinance program—in cooperation with SB Corp.—or connect you to micro finance institutions (MFIs) to help you out with financing, whether you're setting up a business or if you want to expand.

## Machine

We equip you not only with the must-have knowledge on equipment and right tools to ensure quality production under the Shared Services Facility (SSF) program, you can also use these to level up your production and increase productivity. With innovation, you and your fellow entrepreneurs can produce more products more efficiently.

## Market Access

We help you promote your products through provincial and national trade fairs, OTOP (One-Town, One Product) shows, Go Lokal! retail store concepts in major malls, and the internationally-recognized FAME exhibits. We can also link your business to big companies or to government so that you can supply them with your products on a continued basis.

## Models of Negosyo

We give you different business ideas to help you get into business, from traditional enterprises to direct selling and franchising. We also teach you livelihood skills like baking, soap-making, etc. At our Negosyo Centers, there's more than one way to do business. MSMEs need to have ties with bigger guys to create synergies, which are essential in matching and innovating products and services.

Once you have your business, DTI's Negosyo Centers can help you when you apply for your business registration and permit to make it easy for you to do business.

So what are you waiting for? Be part of the change that you want in your life and pursue your entrepreneurial dream. This is the way to move up in life and take control of your destiny. Together, let us continue the entrepreneurial revolution!

## PANAHON NA PARA SA PINOY ENTREP REVOLUTION:

# Alamin ang 7Ms ng DTI upang maiangat ang maliliit na negosyo

Bilang bahagi ng layunin ni Pangulong Rodrigo Duterte na masiguro ang sama-samang pag-unlad at masolusyunan ang malalayong agwat sa kita ng mga Pilipino, kailangang maiahon ang mga Pilipinong naghihirap kabilang ang mga marginalized sector ng lipunan. Ito ay sa pamamagitan ng paglinang ng tamang pananaw o mindset at pagbibigay kakayahan o know-how upang umasenso sa buhay.

Sa paraang ito, hindi lamang maramdaman ng nakararami ang benepisyo ng lumalagong ekonomiya ng Pilipinas, kundi mapabubuti rin nila ang kalidad ng buhay hatid ng produktibong pagnenegosyo.

Kaungay nito, ang Kagawaran ng Kalakalan at Industriya o DTI ay naglulunsad ng mga programang tutulong sa inyo upang magkaroon ng mausbong na negosyo! Ipinakikilala ng DTI ang 7Ms: ang susi sa pagkakaroon ng sariling negosyo at sa pagiging ganap na negosyante, patungo sa masaganang pamumuhay!

Ang 7Ms ang tutulong sa mga maliliit na negosyante para makilala at gumawa ng sariling marka sa merkado, habang nag-aambag sa mas malawak na layuning ipagpatuloy ang *Pinoy entrep revolution*!

### Mindset Change

Sa pagtanggap sa tamang gawi at positibong pananaw mag-uumpisa ang tamang daan tungo sa pagiging ganap na negosyante. Sasamahan kayo ng DTI sa inyong *entrepreneurial journey* sa tulong ng *Negosyo Center seminars, SME Roving Academy (SMERA)* at *Kapatid Mentor ME program*. Huhubugin ang negosyanteng pag-iisip o *entrepreneurial mindset* at pagtatagumpayan ang mga pangamba at takot sa pagnenegosyo!

### Mastery

Sa mga *Negosyo Center*, ituturo ang mga pangunahing hakbang sa pagnenegosyo, kasama ang mga alituntunin sa usaping pinansyal at pagpapalawig ng negosyo sa pamamagitan ng mga pagbabago o *innovation*. Sa gitna ng mahigpit na kompetisyon, pagsusumikapang matamo ang kahusayan, kasabay ang pagtukoy sa mga oportunidad, tamang pagpapakete ng produkto o serbisyo at iba pang teknikal na aspesto ng pagnenegosyo kabilang ang *product positioning* o kung paano gustong makilala o ano ang magiging kaibhan ng produkto sa iba *(differentiation)*, *basic business finance, product development, market development and plan preparation*, at iba pang sistemang may kinalaman sa patuloy na pagpapaunlad ng produkto o *continuous innovation*.

### Mentoring

Handang gumabay ang mga *mentor* sa industriya ng negosyo, kabilang ang mga miyembro ng pribadong sektor tulad ng *Go Negosyo, PCCI, PFA, AFFI*, at *FFCCCII*, kasama ang *Kapatid Mentor ME program* ng mga kasanayan upang mapalago ang negosyo—nang libre!

### Money

Ang Pondo para sa Pagbabago at Pag-asenso o *P3 microfinance program*—sa tulong ng SB Corp.—ay may layuning magbigay ayuda sa usaping pinansyal kaugnay ng pagnenegosyo. Bilang tulay, ang P3 ay may direktang kasunduan sa mga *micro finance institution (MFIs)* para sa mga mag-uumpisa pa lamang at magpapalawig na ng negosyo.

### Machine

Lahat ng kailangan niyong malaman hinggil sa pinakabagong teknolohiya o makinarya upang mapabuti ang produksyon ay hatid ng *Shared Services Facility (SSF) program* sa mga pamayanan. Sa angkop na pagbabago o *innovation* at sa tulong ng teknolohiyang maaring gamitin, mas magiging epektibo at mabilis ang produksyon ng mga produkto o serbisyo.

### Market Access

Tutulungan kayo ng DTI na itaguyod at ilako ang inyong mga produkto sa provincial and national trade fairs, *OTOP (One-Town, One Product) shows, Go Lokal!* sa mga pangunahing mall, at maging sa mga pandaigdigang eksibit ng iba't ibang produkto tulad ng sa *Manila FAME*. Maaari rin kayong matulungang maging *supplier* ng mga produkto para sa malalaking negosyo o kompanya.

### Models of Negosyo

Sa mga *Negosyo Center*, hindi lang iisa ang paraan ng pagnenegosyo. Tampok dito ang iba't ibang modelo o dulog mula sa tradisyonal hanggang sa *direct selling* at pagpaprangkisa. Layunin ng DTI na mapanatili ang mahigpit na relasyon sa pagitan ng maliliit na negosyante at malalaking komersyante upang patuloy na magsanib-lakas para mapaunlad ang mga produkto at serbisyo sa merkado.

Kung handa na ang negosyo, handa rin kayong tulungan ng DTI sa pagkuha ng business registration at permit bilang bahagi ng layuning matulungan ang mga negosyante na mapadali ang sistema ng pagnenegosyo sa bansa.

Maging bahagi ng pagbabago at bigyang katuparan ang inyong pangarap na negosyo! Ito na ang oportunidad upang umangat at magkaroon ng mas masaganang buhay!

Sa sama-samang pagkilos, patuloy nating isulong ang *Pinoy entrep revolution*!

DTI Department of Trade & Industry Philippines | Negosyo Center | Negosyo Mentor Me Program | P3 | SME Roving Academy: Gabay-negosyo sa pag-asenso | SSF Shared Service Facilities Project